REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93-68

KQPASIYAHAN NA HINIHILING SA PHILIPPINE NATIONAL BANK NA MAPABILANG ANG MGA KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN KAUGNAY NG PAGKAKALOOB NG SALARY LOAN NG NASABING BANGKO BILANG SUSOG SA PINAGTIBAY NA KAPASIYAHAN BILANG 93-66 ANG "KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG KARAPATAN ANG PUNONGBAYAN MGGL. IGNACIO R. BUNYE NA LUMAGDA SA ISANG KASUNDUAN O MEMORANDUM OF AGREEMENT SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA AT PHILIPPINE NATIONAL BANK KAUGNAY NG PAGKAKALOOB NG SALARY LOAN NG NASABING BANGKO SA MGA KAWANI AT PINUNO NG PAMAHALAANG BAYAN ALINSUNOD SA SALARY LOAN GUIDELINES NG NASABING BANGKO.

************************************************************

Ipinanukala ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan

************************************************************

SAPAGKAT, ang mga Kagawad ng Sangguniang Bayan ay may pinansiyal din na pangangailangan katulad ng mga kawani't pinuno ng Pamahalaang Bayan;

SAPAGKAT, bilang halal na mga lingkod-bayan at may tungkuling maipagkaloob ang kagalingan at makabubuti sa pamayanan, di-maiiwasan ang gumastos o tustusan ang mga pangangailangan na nasasakupan;

SAPAGKAT, ang mga Kagawad ng Sangguniang Bayan ay tumatanggap din ng buwanang sahod sa Pamahalaang Bayan na kung saan ay nagmimintana ng pananalapi sa Philippine National Bank.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan sa mungkahi ni Kgg. Roger C. Smith at pinangalawahan ni Kgg. Alejandro L. Martinez ay pinagpasiyahan na hilingin sa Philippine National Bank na mapabilang ang mga Kagawad ng Sangguniang Bayan kaugnay ng pagkakaloob ng salary loan ng nasabing bangko bilang susog sa pinagtibay na Kapasiyahan Bilang 93-66 ang "Kapasiyahan na binibigyan ng karapatan ang Punongbayan Mggl. Ignacio R. Bunye na lumagda sa isang kasunduan o Memorandum of Agreement sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa at Philippine National Bank kaugnay ng pagkakaloob ng salary loan ng nasabing bangko sa mga kawani at pinuno ng Pamahalaang Bayan alinsunod sa salary loan guidelines ng nasabing bangko.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan sa kanilang ika-43rd na regular na pulong na ginanap ngayong ika-14 ng Hunyo, 1993.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong Barangay

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS,JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan